SANGGUNIANG BAYAN

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL NO. 842-04-22 LOCAL 51

KAPASIYAHAN BAYAN BILANG 94-154

KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG PAGSANG-AYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA SA 230 KV SUCAT-ARANETA-BALINTAWAK POWER TRANSMISSION PROJECT NG PAMBANSANG KORPORASYON SA ELEKTRISIDAD (NATIONAL POWER CORPORATION).

************************************************************

Ipinanukala nina: Kgg. Reynaldo A. Abas, Jr.
Kgg. Nolasco L. Diaz

************************************************************

SAPAGKAT, simula ng 1992, ang bansa ay patuloy na dumaranas ng krisis sa ekonomiya sanhi ng kawalan ng elektrisidad/brownouts na tumatagal hanggang walong (8) oras bawat araw;

SAPAGKAT, ang patuloy na kawalan ng elektrisidad o pagkakaroon ng madalas na brownouts ay nagdudulot ng malaking pagkalugi sa mga negosyo at industriya sa bansa na nakaapekto sa mahigit na tatlong milyong manggagawa dito sa parteng Luzon pa lamang;

SAPAGKAT, ang Pangulong Fidel V. Ramos, na nauuwaan ang malaking pabigat at pahirap na maidudulot nito sa ekonomiya ng bansa , ay humiling ng calamity powers sa ilalim ng Electric Power Crises Act of 1993 (R.A. 7386), upang magampanan ng pamahalaang na mapabilis ang programa sa elektrisidad at enerhiya upang malunasan ang lumalalang kakulangan ng elektrisidad sa bansa;

SAPAGKAT, ang pag-iinstala ng 230 KV Power Transmission Project na magmumula sa Sucat papuntang Balintawak ay lubhang kailangan upang may pagdaluyan ng kuryente na magmumula kapag natapos na ang Pagbilao, Quezon at Calaca II, Batangas Coal Field Thermal Power Plants;

SAPAGKAT, ang pagkakaroon ng "stable energy supply" ay makakaakit ng maraming investors na magtatayo ng industriya at dahil dito karagdagang buwis o revenues ang makukuha;

SAPAGKAT, nilalayon ng proyekto na maibigay ang "reliable delivery ng 700 megawatts mula sa panukalang Pagbilao Coal Plant patungo sa Luzon Power Grid at madagdagan pa ang "dynamic network stability" at kapabilidad ng NAPOCOR na matugunan ang tumataas na pangangailangan sa enerhiya;

SAPAGKAT, ang proyekto ay makadaragdag o makapagbibigay ng oportunidad sa trabaho sa mga mamamayan sa CALABARZON at Bayan ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Barangay ng Sucat ay nagpasa at pinagtibay ang Kapasiyahan Bilang 03-94 na pinahihintulutan ang Napocor para sa nasabing proyekto;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na pagtibayin ang 230 KV Sucat-Araneta-Balintawak Power Transmission Project ng Pambansang Korporasyon sa Elektrisidad (National Power Corporation).

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang ika-93rd na regular na pulong na ginanap ngayong ika-18 ng Hulyo, 1994.

PINATOTOHANAN:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

(Absent)
KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN



KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY D. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan